Republic of the Philippines
**QUEZON CITY COUNCIL**
Quezon City
18th City Council

PR2011-295

*33rd Regular Session*

*RESOLUTION NO. SP-* 5197 *, S-2011*

*ISANG RESOLUSYONG NAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAGBATI NG PUNONG LUNGSOD, KGG. HERBERT M. BAUTISTA, PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD, KGG. MA. JOSEFINA "JOY" G. BELMONTE, MGA KASAPI NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD, MGA KAWANI AT BUONG SAMBAYANAN NG LUNGSOD QUEZON SA PAMUNUAN AT BUONG KAPATIRAN NG IGLESIA NI CRISTO (INC) SA PAGDIRIWANG NG KANILANG IKA-97 TAONG PAGKAKATATAG SA IKA-27 NG HULYO 2011.*

---

*Introduced by Councilors EDEN "C[illegible] [illegible]A, DOROTHY A. [illegible]MALAÑGEN, RODERICK M. [illegible]MENTE, RA[illegible] PAULATE, [illegible] HIPOLITO CASTELO, JOSE MARIO DON S. DE LEON, ALFREDO D. VARGAS III, FRANCISCO A. CALALAY, JR., ANTHONY PETER D. CRISOLOGO, RICARDO T. BELMONTE, JR., JOSEPH P. JUICO, ALEXIS R. HERRERA, JULIENNE ALYSON RAE V. MEDALLA, GODOFREDO T. LIBAN II, JULIAN ML. COSETENG, ALLAN BENEDICT S. REYES, JAIME F. BORRES, GIAN CARLO G. SOTTO, EUFEMIO C. LAGUMBAY, EDCEL B. LAGMAN, JR., JESUS MANUEL C. SUNTAY, JESSICA CASTELO DAZA, VINCENT DG. BELMONTE, MARVIN C. RILLO, RANULFO Z. LUDOVICA and JOHN ANSELL R. DE GUZMAN.*

---

*SAPAGKAT, noong iku-27 ng Hulyo taong 1914 ay itinatag ni Kgg. Felix Y. Manalo ang Iglesia Ni Cristo sa Santa Ana, Lungsod ng Maynila;*

*SAPAGKAT, mula sa iilang miyembro, napalawak ng Kgg. Felix Manalo ang mga mananampalataya at kasapian ng Iglesia Ni Cristo hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong mundo;*

*SAPAGKAT, ang mga aral at doktrina na ibinabahagi sa mga miyembro ng Iglesia Ni Cristo ay nagsisilbing huwaran at gabay tungo sa tunay na diwa ng isang komunidad at kapatiran hango sa pagkakaisa ng layunin ng pagsisilbi sa Panginoon at sa sandaigdigan;*

*SAPAGKAT, bilang isa sa mga nirerespetong institusyon ng ating lipunan, ang Iglesia Ni Cristo ay nagsisilbing tinig ng kahinahunan sa mga usaping panglipunan;*

*SAPAGKAT, sa pagsapit ng ika-97 taon ng pagkakatatag, marapat lamang na bigyan pugay at pagkilala ang buong kasapian at pamunuan sa pangunguna ni Kgg. Eduardo V. Manalo, Pangkalahatang Tagapamahala.*

*NGAYON, SAMAKATUWID,*

*PINAGPAPASYAHAN NG MGA MIYEMBRO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD QUEZON SA KARANIWANG PAGPUPULONG, ang Resolusyong nagpapahayag ng taus-pusong pagbati ng Punong Lungsod, Kgg. Herbert M. Bautista, Pangalawang Punong Lungsod, Kgg. Ma. Josefina "Joy" G. Belmonte, mga Kasapi ng Sangguniang Panlungsod, mga Kawani at Sambayanan ng Lungsod Quezon sa Pamunuan at Buong Kapatiran ng Iglesia Ni Cristo (INC) sa pagdiriwang ng kanilang Ika-97 taong pagkakatatag sa Ika-27 ng Hulyo 2011.*

*PINAGTIBAY: July 11, 2011.*

MA. JOSEFINA G. BELMONTE
*Pangalawang Punong Lungsod*
*Tagapangasiwa*

*PINATUNAYAN:*

*DOROTHY D. LAGRADA, dpa*
*Kalihim*

*CERTIFICATION*

*This is to certify that this Resolution was APPROVED by the City Council on Second Reading on July 11, 2011 and was CONFIRMED on July 18, 2011.*

*DOROTHY D. LAGRADA, dpa*
*Kalihim*